

Varyasiyong Leksikal ng mga Salitang de Gulong ng Zamboanga del Norte

GEMMA S. OROSCA

PAFTE - Professional Association for Teacher Education

KWF – Komisyon sa Wikang Filipino

gemmaorosca@jrmsu.edu.ph

Abstrak — Ang pag – aaraal na ito ay may layuning matasa ang varayti at varyasyon ng mga salitang de gulong sa Wikang Cebuano . Mapalawak ang gamit nito at maipreserba ang minanang salita mula sa magiging na mga drayber mula sa lungsod Dapitan at munisipalidad ng Siayan sa lalawigan ng Zamboanga del Norte.

Inilahad sa pamamagitan ng kwalitatibong palarawang pagsisiyasat ang estado ng mga aytem leksikal sa pagtukoy ng klasipikasyon at pagpapakahulugan ng mga salitang de gulong na nilapatan ng mga panlapi upang masuri ang kilos ng pandiwa. Convenience sampling naman ang ginamit sa pagpili ng mga impormante upang magkaroon ng kapamigatan ang mga datos. Pakikipanayam at Focus Group Discussion ang ginamit sa pagkuha ng mga datos.

Natuklasan na mayaman sa talasalitaan ang mga dakilang drayber na itinuring na mga salitang de gulong na nagsisisilbing behikulo sa kanilang pakikipagtalastasan. Napag – alaman na may pagbabagong morpoponemiko na nagaganap ang istrukturang panlinggwistika sa aspeto ng morpolohiya kung susuriin ayon sa aspekto ng pandiwa. Dahil sa dinamiko ang wika, may mga salitang naging register sa kanila at nagsisilbing tatak ng kanilang pagkakakilanlan patuloy ng pagsulpot ng mga bagong salita dala na rin sa implwensiya ng ibang pangkat etniko.

Mula sa mga natuklasan, ang mananaliksik ay naniniwala na ang kaligtasan at preserbasyon ng salitang de gulong ay nakasalalay sa dami ng gumagamit ng wika at sa pagpaparami ng mga dokumentasyon ng wikang katutubo.

Mga Susing Salita — Varyasyon, Varayti, Leksikal, Wikang Cebuano, Salitang de Gulong

I. Introduksiyon

Wika ang nagsisilbing behikulo sa pakikipagtalastan sa anumang larangan. Sa pamamagitan nito ay nagkakaugnay, nagkakaunawaan at nagkakaisa ang mga kaanib ng isang pulutong ng mga tao. Mabisang kasangkapan ang wika para sa pagbuo ng mapayapang lipunan sapagkat kung wala ito, imposible ang pinag – isang panlipunang – kilos. Samakatuwid, ayon kay Banawa et al. (2018) wika ang pusod ng sangkatauhan at kabaitan na pumupukaw sa damdaming Pilipino. Nakakanlong kung gayon, ang wika sa iba't ibang aspeto na nagpapatakbo ng buhay at pamumuhay ng tao. Ang isang wika ay nagkakaroon ng pagkakaiba – iba dala ng dalawang mahahalagang salik – ang heyograpikal at sosyal ayon kay Constantino, (2006). Isa itong varayti ng wika na phenomenon. Binanggit ni Santos et. al. (2009) na ang varayti ng wika ay tumutukoy sa iba't ibang uri ng parehong wika na ginagamit ng iba't ibang grupo na may varyasyong panloob

sanhi ng lugar na kinaroroonan ng partikular na grupo ng mga tagapagsalita o grupong kinabibilangan.

Ang kalagayang heyograpikal ang nagiging hangganan at dibisyon ng mga wikang nagagamit sa iba't ibang lugar. Varyasyon ng wika ang tawag dito at ang nabagong uri ay varayti ng wika o dayalekto ng isang itinuturing na istandard na wikang sinasalita sa isang ispesipikong lugar. Habang ang sosyal na dimensyon ay may malaking nagagawa upang magkaroon ng isang tiyak na uri ng wikang ginagamit sa partikular na grupo ng tao. Ang wikang nabubuo ay tinatawag na sosyolek, isang uri ng wikang panlipunang umiiral sa mga taong nabibigkis ng magkakatulad na interes, karakteristiko, gawain, propesyon o pamumuhay.

Ang lalawigan ng Zamboanga del Norte ay isang patunay na mayroong varyasyong nagaganap gamit ang bokabularyong pandayalekto na wikang Cebuano. Kabilang ang wikang ito na mayaman sa talasalitaan at ang bawat pangkat na gumagamit nito ay nakabubuo ng kanilang sarili at natatanging varyedad. Kilala ang lalawigan ng Zamboanga del Norte bilang mayaman sa kultura at wikain. Isa itong mapayapang lugar at bulubunduking anyo. Tanging pagsasaka, pangingisda at pagmamaneho ng iba't ibang uri ng sasakyang panlupa ang mga pangunahing hanapbuhay. Kabilang na rito ang pagmamaneho ng tinatawag na “habal habal” na makikita saan mang sulok ng lalawigan. Sa kasalukuyan, naglipana ang naturang sasakyan bilang instrumento sa paghatid – sundo ng mga pasahero na naging pantawid – gutom na rin nang nakararami dahil kumikita sila rito. Kaakibat sa propesyon o hanapbuhay na ito ay may likas na mga talasalitaan na siyang ginagamit upang ang bawat sangkot na tauhan ay magkaunawaan. Ito ang mga natatanging terminolohiya na sumibol mula bibig ng mga habal – habal drayber na tinaguriang mga wikang de gulong sa partikular na penomenon. Dahil dito, naisipan ng mananaliksik na limiin ang iba't ibang variety at varyasyon ng mga wikang de gulong bilang lunsaran sa kasalukuyang pananaliksik.

Rebyu ng mga Kaugnay na Literatura

Dinamiko ang wika at bilang wikang nagbabago palatandaan itong buhay at patuloy sa pag – unlad na nakaangkla sa pag – inog ng panahon. Kasabay ng pag-unlad ng tao ang paglinang ng wikang kanyang ginagamit upang matugunan ang anumang pangangailangan ng bawat mamamayan kahit na ang wika ng tao ay magkaiba – iba. Pinatunayan ito sa konsepto ng Varyasyonismo ni Labov,(1968), na ang wika ay lagi nang may pagbabago. Ang iba't ibang paraan ng pagsasabi ng isang bagay ay maaaring makikita sa lebel ng grammar, sa varayti ng wika sa iba't ibang istilo, sa dayalekto at rejister ng wika na gamit ng bawat indibidwal na tagapagsalita sa iba't ibang lugar at panahon. Sabi ni Labov, ang mga tagapagsalita ay gumagamit ng iba't ibang porma upang masabi ang isang kahulugan. Ang pagbabago sa wika ay bunga ng impluwensiya ng heograpikal, sosyal at kultural na factor na maaaring resulta ng kontak at bunga ng imahinasyon ng isip ng tao. Sa punto de vista ng isang varyasyonista, ang wika ay maaaring suriin sa pamamagitan ng paghihimay sa estrukturang gramatikal ng magkakaugnay na diskurso at nagpapaliwanag sa lantarang pagbabagong napapaloob sa ugnayang anyo at gampanin. Sa

pamamagitan ng makaagham na pagsusuri sa produksiyon ng mga datos na napapaloob sa usapan, tinatangka ng isang varyasyonista na matuklasan ang mga balangkas na gamit.

Ang teoryang sosyolohiya ng wika ni Fishman(1997) ay may malaki ring batayan sa saliksik na ito dahil tinatawag na interferens ang nangyayaring epekto ng unang wika sa pangalawang wika sa oras na ginagamit ito, lalo na kung pasalita. Hindi lamang sa aspektong leksikal, kundi pati na sa morpolohikal lalo na sa paggamit ng panlapi nagkakaroon ng interferensiya ang unang wika. Karaniwan ang pagkakaroon ng linggwistik na pagbabagong nagaganap sa loob ng isang grupo o komunidad ng mga tagapagsalita o tinatawag na speech community. May mga taong nagkakasama dahil sa pagkakatulad ng kanilang edukasyon, trabaho, sosyo – ekonomikong grupo, kasarian, tirahan at iba pa. Mula rito nabubuo ang iba’t ibang anyo ng wika na kagaya ng mga wikang de gulong.

Ang mga nabanggit ay pinagtibay rin sa ilalim ng Seksiyon 9, Artikulo XIV ng Konstitusyon ng 1987 na pagpapalaganapin ang mga wikang katutubo na umiiral sa bansang Pilipinas. Dahil dito naglabas ng Resolusyon Blg. 11-29 ang tanggapan ng Pangulo tungo sa Komisyon ng Wikang Filipino ang pagpapatibay sa “gabay sa ortograpiya” na nagsasaad sa pag-aatas ng Komisyon sa Wikang Filipino na magsagawa, makipag-ugnay at magtaguyod ng mga pananaliksik para sa pagpapaunlad, pagpapalaganap at pagpapanatili ng Filipino at iba pang mga wika na umiiral sa Pilipinas.

II. Metodolohiya

Ang pag – aaral na ito ay may disenyonang deskriptib- analitik na tumatalakay sa paksang “Ang Varyasyong Leksikal ng mga Wikang de Gulong sa Lalawigan ng Zamboanga del Norte”. Kinapapalooban ito ng pangangalap ng mga datos sa pamamagitan ng pagtatanong, pakikipanayam at pagrerecord. Isinagawa rin ang Focus Group Discussion na ang mga sangkot ay pawang ang hanapbuhay ay pagmamaneho na kadalasan ay mga habal – habal drayber. Mula sa mga datos na ito, tukuyin at suriin ng mananaliksik ang katangian at variedad ng mga wikang de gulong bilang variety ng wikang Cebuano na may malaking kontribusyon sa kalinangang pangwika lalo na sa mga guro at mga mag – aaral na nagpakadalubhasa sap ag – aaral ng wikang Filipino at iba pang wikain sa bansang Pilipinas.

Paraan ng Pangangalap ng mga Datos

Lubos na naniniwala ang mananaliksik na kahit saang sulok ng bansa ay may pagkakaiba sa mga katawagan sa mga bagay – bagay. Bunga ito sa konsepto ni Rubrico, (2009) na ang kultura ay ang pangkabuuang pananaw ng mga tao sa isang lipunan sa mundo at sa kanilang kapaligiran. Ang pananaw na ito ay hango sa paniniwala, tradisyon, uri ng pamumuhay, at iba pang mga bagay na nag-ugnay sa kanila at nagpatibay sa bigkis ng pagkakaisa na siyang nagpapalaganap ng kanilang pangkalahatang diwa, pananaw, kaugalian at adhikain.

Sa pangongolekta ng mga terminong ginamit ng mga habal – habal drayber ay personal na pinuntahan ng mananaliksik ang mga lugar na saklaw ng kanyang pag – aaral. Pagdating sa lugar na sakop ng kanyang pag – aaral agad siyang tutungo sa punong baranggay at punong panlungsod upang humingi ng pahintulot sa gagawing pananaliksik. Sisikapin rin ng mananaliksik na may kakilala siya roon na isang habal – habal drayber upang maging gabay sa paglikom ng mga impormante nang ang kasalukuyang pag- aaral ay maisakatuparan.

III.Mga Natuklasan at Interpretasyon ng mga Datos

Talahanayan 1. Varyasyong Leksikal ng mga Wikang de Gulong sa pandiwang makangalan na nasa aspektong perpektibo o pangnakaraan na ginamit sa Dapitan at Siayan sa lalawigan ng Zamboanga del Norte

Blg.	Filipino	Lungsod ng Dapitan	Munisipalidad ng Siayan
1.	nasagasaan	naligsan	nadasmagan
2.	nawalan ng hangin	nabuthan	nahiyusan
3.	nahawakan	nahawiran	nagunitan
4.	naubusan	nahubsan/nahutdan	nahurot /natudas
5.	tumumba	nahayang / natuwang	nabalintong
6.	umangat	nasubida	naangat
7.	umatras	naatras	nasibog/ nadius- us
8.	tumawid	nalabang	natabok
9.	pumagilid	nakabig	nanukud
10.	tumawag	nanawag	nangagda
11.	nakulupot	nabitik	nasabud
12.	humina	nagpahinay	nagpainanay
13.	humagibis	nagpakusug	nagpasutuy/ nagpaturatuy
14.	nagpailaw	nagsuga	nag – iwag
15.	nagpahinga / nagparelax	nagpahuway	nagpa – uraray
16.	naghintay	naghulat / naghuwat	nagtagad/ nagpaabut
17.	nag – uunahan/ nagkarera	naglumba	nag – unhanay
18.	nasagasaan	napunggitan	nalanggitan/ natapsingan

Makikita sa talahanayan 1 ang estado ng mga aytem ng varyasyong leksikal mula sa mga nakalap na mga datos na nasa pandiwang makangalan na mga wikang de gulong na ginamit sa lungsod ng Dapitan at sa munisipalidad ng Siayan na nasa aspektong perpektibo o pangnakaraan. Kapansin – pansin na binubuo ito ng dalawampu’t limang (25) mga salita. Ang mga salita ay nilalapan upang matukoy ang aspekto ng pandiwa. Mula sa mga salitang nasa itaas, makikita na may varyasyon na nagaganap sa pagitan ng Dapitan vs Siayan. Subalit, pagdating sa panlapi, kapwa magkatulad pa rin ang gamit nito.

Halimbawa:

Ang salitang “*naligsan*” at *nabuthan* “, sa salitang *naligsan* – ang salitang ugat nito ay *ligis* na kung saan kinakabitan ng panlaping nasa kabilaan ang *na* at *an*. May pagbabagong morpoponemiko na nagaganap sa naturang salita , ito ay ang pagkakaltas ng ponemang [i].

$na + ligis + an = naligisan$ na nagiging *naligsan*

Gayundin ang *nabuthan* – ang salitang ugat ay *buto* na nilalapan ng *na* at *han*. May pagbabago rin na nagaganap kung saan sa pagkakabit ng panlapi nawawala na nag poneman [o].

$Na + buto + han = nabutuhan$ na nagiging *nabuthan*

Karagdagan pang salita na may pagbabago ay ang *nahubsan* at *nahutdan*, sa salitang *nahubsan* - ang salitang ugat nito ay *hubas* na kinakabitan ng panlaping nasa kabilaan na *na* + *an*. May pagbabagong nagaganap sa dahilang kapag ikinakabit ang panlaping nasa hulihan, nawawala ang ponemang [a].

Isa pang salita na kakikitaan ng pagbabagong morpoponemiko ay ang *nahutdan* – ang salitang ugat ito ay *hurot* na may panlaping *na* + *an*. Kapag nilalapan ang huling pantig ng salitang ugat ang [r] ay mapapalitan ng [d] at may pagkakaltas din ng ponemang [o] kaya, sa halip na *nahurutan* ay nagiging *nahutdan*. Ang penomenong ito ay katulad din sa pagbabagong morpoponemiko na nasa Filipino kaugnay sa pagkakaltas at pagpapalit ng ponema na mababasa sa ibaba.

Kagaya rin sa wikang Filipino, ang pagbabagong morpoponemiko ayon kay Santiago (1991) ay anumang pagbabago sa karaniwang anyo ng isang morpema dahil sa impluwensiya ng kaligiran nito. Ang kaligiran ay yaong mga katabing ponemang maaring makaimpluwensiya upang makabago sa anyo ng salita o morpema. Ang nakaiimpluwensiya pnema ay maaaring yaong sinusundan ng morpema o yaong sumusunod ditto. Isa na rito ang pagkakaltas ng ponema . Nagaganap ang pagbabagong ito kung ang huling ponemang patinig ng salitang – ugat ay nawawala sa paglalapi.

Samantala, ang *nadasmagan*, *nahiyusan* at *nagunitan* na gamit sa Siayan ay walang pagbabagong morpoponemiko na nagaganap kahit na panlaping ikinakabit kung saan makikita ito sa ibaba.

$na + dasmag + an = nadasmagan$

$na + hiyos + an = nahiyusan$

$na + gunit + an = nagunitan$

Bukod sa mga salitang nabanggit, makikita rin sa talahanayan ang iba pang mga salita na kakikitaan ng varayti ng mga salitang de gulong na kapwa nilalapan upang matukoy ang

kaganapan ng kilos. Ang mga sumusunod ang madalas na gamit ng mga panlaping nasa aspektong perpektibo o pangnakaran ka kapwa ginamit sa Dapitan at Siayan.

Ang gamit ng *na + s.u.*

Filipino	Dapitan	Siayan
tumumba	nahayang / natuwang	nabalintung
umangat	nasubida	naangat
umatras	naatras	nasibug
tumawid	nalabang	natabuk
pumagilid	nakabig	nanukud
tumawag	nanawag	nangagda
nakulupot	nabitik	nasabud

Ang gamit ng *nag + s.u.*

Filipino	Dapitan	Siayan
mahina	nagpahinay	nagpainanay
humahagibis	nagpakusug	nagpasutuy
nagpapailaw	nagsuga/ nagsiga	nag – iwag
di namamasada	nagpahuway	nagpa – uraray
naghintay	naghulat / naghuwat	nagtagad/ nagpaabut
nag – uunahan/ nagkarera	naglumba	nag – unahay

Ang gamit ng *ni + s.u.*

Filipino	Dapitan	Siayan
lumiko	niliko/ kurbada	nikurbada
nilampasan	niobertik	nisaylo
sinakay	nisakay/ niangkas	nikaryada

Ang gamit ng *na + s.u. + an*

Filipino	Dapitan	Siayan
nasagasaan	napunggitan	nalanggitan/ natapsingan
kumambyo	nakambyuhan	nabansilian
humina	napahinayan	napaluyahan
walang pasahero/ nalulumbay	namingawan	naalinawan

Ang pananaliksik na gamit ang katutubong wika ay isang pagtugon sa misyon ng Komisyon ng Wikang Filipino o KWF nap ag – aralan ang mga katutubong wika bilang bahagi ng wikang Filipino. Pinatunayan ito nina Trudgill (1986) at Giles (1991) na may malaking papel na ginagampanan ang mga katutubong mananalita sa naturang wika ayon sa mga sumusunod na dahilan: una, na mas pinahalagahan ng bawat indibidwal ang estado niya sa lipunankung papaano siya tatanggapin depende sa wikang kanyang gnagamit. Pangalawa, isinaalang – alang ng nagsasalita ang sa palagay niyang angkop na wika saangkop na okasyon, propesyon, o anumang usapan at lugar. Ang isa pang dahilan ay ang tinatawag na wikang komunal (speech community) na kung saan ang isang particular na pangkat ay may sariling mundo at sariling wika. Para sa mga social group na ito, nararamdaman nilang tanggap at nabibilang sila sa grupo gamit ang wikang komunal kaya, napag – iwanan ang nakasanaynag wika. Pangatlo, ang tinatawag na konsepto ng prestihiyo (concept of prestige) na ayon kay Lavov (1972) ang nagsasalita ay namimili ng wikang gagamitin na sa palagay niya ay prestihiyosong wika. Wikang pinili na sa palagay ng nagsasalita ay magbibigay sa kanya ng karangalan at katanyagan.

Talahanayan 2. Varyasyong Leksikal ng mga Wikang de Gulong sa pandiwang makangalan na nasa aspektong imperpekribo o pangkasalukuyan na ginagamit sa lungsod Dapitan at munisipalidad ng Siayan sa lalawigan ng Zamboanga del Norte.

Blg.	Filipino	Lungsod Dapitan	Munisipalidad ng Siayan
1.	umuupo	gilingkuran	gipungkuan
2.	pinapahawakan	gipahawiran	gipagunitan
3.	dinagdagan	gipun – an	gidugangan
4.	inaabangan	gipaang/ gihulat	gipatagad
5.	sinisingil	gipasingil	gipakubra
6.	kinakandong	gipasabak	gipalut – ud
7.	tumatawad	gipahangyu	gipakiluuy
8.	humihinto	gipahunung	gipapundu
9.	bumababa	gipatugbung	gipadulhug
10.	dumadapa	gipaligid	gipadikyas
11.	dinadakup	gipadakup	gipasikup
12.	tumatabi	gipadaplin	gipapidpid
13.	dumistansiya	gapadistansiya	gapalayu
14.	humahagibis	gapakusug	gapasutuy
15.	nagpapabomba	gapabumba/ gapahangin	gapahangin
16.	bumababa	gapatugbung	gapalugsung
16.	bumabalik	gibalikan	gibwertahan
18.	inaabangan	gapatang / gapahulul	gapaabut
19.	bumabiyache	gabyache	gagikan
20.	inaakyat	gasubida	gasaka

Ang talahanayan 2 ay nagpapakita ng iba pang mga katawagang de gulong na nasa aspektong imperpekribo o pangkasalukuyan na ginagamit ng mga habal – habal drayber. Kapansin – pansin na may mga varayti ang wika ng Zamboanga del Norte gaya ng mga salitang nasa itaas. May mga salita na kapag nilalapan may pagbabagong nagaganap.

Halimbawa:

gilingkuran - salitang gamit ng Dapitan na may panumbas na *gipungkuan* sa Munisipalidad ng Sindangan na ang ibg sabihin ay umuupo sa wikang Filipino. Gayundin ang gihawiran na may panumbas na gigunitan na sa Filipino ay hinawakan.

Makikita mula sa salitang *gilingkuran* na ang salitang – ugat ay *lingkod* na may panlaping *gi + an* at gihawiran na ang salitang ugat ay hawid na may panlaping *gi + an*.

$gi + an + lingkod = gilingkodan$ na nagiging *gilingkuran*

$gi + an + hawid = gihawidan$ na nagiging *gihawiran*

Kapansin – pansin na may pagbabagong nagaganap sa salitang – ugat na *lingkod* at *hawid* na kung saan kung ito ay nilalapan may pagpapalit ng ponema. Katulad ng wikang Filipino, may pagbabagong morpoponemiko rin ang wikang Cebuano na ginamit ng mga Dapitan. Pinatunayan ito ni Tiangco (1991) na may mga ponemang nababago o napapalitan sa pagbuo ng mga salita. Kung minsan, ang ganitong pagbabago ay nasasabayan sa pagpapalit ng diin.

Halimbawa:[d] – [r]

Ang ponemang [d] sa pusisyong pinal ng salitang nilalapan ay karaniwang napapalitan ng ponemang [r] kapag ito ay hinuhulapian ng [an] o [in] na makikita sa halimbawa na nasa itaas. Kung titingnan naman ang mga salitang de gulong na ginamit ng Munisipalidad ng Siayan kapag nilalapan, walang pagbabagong nagaganap sa istruktura ng mga salita na makikita sa talahanayan na nasa itaas na bahagi.

Isa pang salita na kakikitaan ng pagbabagong morpoponemiko ay ang salitang galing sa Dapitan na *gipun* – *an* na ang salitang ugat ay *puno* na kinakabitan ng panlaping *gi + an*. Mapapansin na ang kapag kinakabitan ng panlapi ay may nawawala o kinakaltasan na ponema na [o] at may gitling sa pagitan ng *gipun* at *an* na makikita sa ibaba.

$gi + an + puno = gipunoan$ na nagiging *gipun – an*

Karagdagan pang salita na may pagkakaltas ng ponema ay ang salitang ginmit ng Dapitanon na *giatngan*. Kung susuriin ang salitang ito ay kinakabitan ng panlaping *gi + an* na may salitang ugat na *atang*. Dahil sa ito ay hinuhulapian, may nakakaltas na ponemang [a] na makikita sa ibaba.

$Gi + an + atang = gitangan$ na madalas gamitin at bigkasin ng *giatngan*

Ang iba pang mga salita na kinakapibatan ng panlapi na nasa aspektong imperektibo o pangkasalukuyan ay ang mga sumusunod:

Ang gamit ng *gipa + s.u.*

Filipino	Dapitan	Siayan
sinisingil	gipasingil	gipakubra
kinakandong	gipasabak	gipalut – ud
tumatawad	gipahangyu	gipakiluuy
humihinto	gipahunung	gipapundu
bumababa	gipatugbung	gipadulhug
dumadapa	gipaligid	gipadikyas
dinakip	gipadakup	gipasikup
tumatabi	gipadaplin	gipapidpid

Ang gamit ng *gapa + s.u.*

Filipino	Dapitan	Siayan
dumistansiya	gapadistansiya	gapalayu
humahagibis	gapakusug	gapasutuy
nagpapabomba	gapabumba/ gapahangin	gapahangin
bumaba	gapatugbung	gapalugsung
maghatid	gapahatud	gapakuyug
inaabangan	gapatang / gapahulat	gapaabut

Ang gamit ng *ga o gi + s.u.*

Filipino	Dapitan	Siayan
bumabiyah	gabyah	gagikan
paakyat	gasubida	gasaka
nag – abang	gahulat	gatang
sinalubong	gitagbu	gisugat
sinisita	giisita	gibadlung

Ang gamit ng *gi + s.u. + an / han*

Filipino	Dapitan	Siayan
bumabalik	gibalikan	gibwertahan
umuurong	giatrasan	gisibugan

Ang unang batayan ng wikang de gulong ay ang binaggit ni Lavov (1972) isang natural na phenomenon ang pagkakaiba – iba ng anyo at pagkakaroon ng varayti ng isang wika. Mahalagang tingnan nang pantay – pantay ang mga varayting ito – walang mababa, walang mattas. Ang paniniwalang ito ay makabuluhan sa pagtuturo ng Filipino kaugnay ng iba pang wika sa iba’t ibang rehiyon. Nangangahulugan lamang na nag mananaliksik ay may tatlong pagtatangka o layunin bilang target ng kasalukuyang pag – aaral. Una ay istandardisasyon, ang pagpapataas sa kalidad at katangian ng mga salita tungo sa intelektuwalisadong wika. pangalawa, kultibasyon – ang paggamit ng isang wikang hanggang sa kasalukuyan ay nananatiling gamitin sa ibat ‘ ibang aspeto ng buhay at maging sa pamumuhay ayon kay Gonzales, (1997) at pangatlo ang preserbasyon ng wika at kultura.

Talahanayan 3. Varyasyong Leksikal ng mga Wikang de Gulong sa pandiwang makangalan na nasa aspektong kontemplatibo o panghinaharap na ginagamit sa lungsod Dapitan at munisipalidad ng Siayan sa lalawigan ng Zamboanga del Norte.

Blg.	Filipino	Lungsod ng Dapitan	Minisipalidad ng Siayan
1	sisitahin	dakpunun	sitahunun
2.	malilimutan	malimtan	mabiyaan
3.	sasakay	musakay / ipasakay	muangkas/ ipaangkas
4.	papara	mupara	mupahunung
5.	kakapit	mukabit	mukapyut
6.	bibyahe	mularga	mugikan
7.	uusog	musibug – ipasibug	muirug
8.	aabante	muabante/ ipaabante	muadtu/ ipaadtu
9.	kakarga	mukarga	mupasakay
10.	hahawak	muhawid	mugunit
11.	sesenyas	musenyas	mukidhat
12.	lulusong	mubahada	mutugbung
13.	dadaan	mulabay	muagi
14.	papaalis	mugikan	muadto
15.	iiwas	mulikay	mubakay
16.	paminor	muhunung	muundang
17.	tatalon	muluksu	mulundag
18.	dahan – dahan	maghinay – hinay	mag – inanay
19.	bababa	makawas/ ipakawas	manaug/ ipanaug
20.	maiipit	mapiit	mahuut

Matutunghayan sa talahanayan 3 ang varayti ng mga wikang de gulong na ginamit ng Dapitan at Siayan na nasa aspektong kontemplatibo o panghinaharap . Kagaya rin sa wikang Filipino, ang pagbabagong morpoponemiko ayon kay Santiago (1991) ay anumang pagbabago sa

karaniwang anyo ng isang morpema dahil sa impluwensiya ng kaligiran nito. Ang kaligiran ay yaong mga katabing ponemang maaring makaimpluwensiya upang makabago sa anyo ng salita o morpema. Ang nakaiimpluwensiya ponema ay maaaring yaong sinusundan ng morpema o yaong sumusunod ditto. Isa na rito ang pagkakaltas ng ponema . Nagaganap ang pagbabagong ito kung ang huling ponemang patinig ng salitang – ugat ay nawawala sa paglalapi.

Isa sa mga salitang ginamit ng mga Dapitanon na kakikitaan ng pagbabagong morpoponemiko ay ang *dakpunon at malimtan* na nasa aspekpektong kontemplatibo o panghinaharap. Ang salitang *dakpunon* na may panlaping *on* at salitang *dakop*. Kung mapapansinn kapag hunihulpian ang salitang ugat na *dakop* na *on* ay magiging *dakopon na nagiging dakpunon*. Kung saan may *pagpapalit ng ponema ang [o at p] at pagkakaltas ng ponemang [o]* ang nagyayari.

Halimbawa:

on + dakop = dakupon na nagiging dakpunon

Ang isa pang salitang may pagbabago ay ang *malimtan* na kung titingnan ito ay may salitang ugat na *limot at panlaping ma + an*. May pagkakaltas ng ponema, ito ay ang ponemang *[o]* kapag kinakabitan ng mga panlapi.

ma + s.u. + an = ma + limot + an = malimutan na nagiging malimtan

Iba pang mga salitang de gulong na ginamit at kinakabitan ng mga panlapi na walang pagbabagong nagaganap ay ang mga sumusunod:

Ang gamit ng *mo + s.u.*

Filipino	Dapitan	Siayan
Sasakay	Musakay / ipasakay	muangkas/ ipaangkas
papara	mupara	mupahunung
kakapit	mukabit	mukapyut
bibyahe	mularga	mugikan
uusog	musibug – ipasibug	muirug

Ang gamit ng *ma + s.u.*

Filipino	Dapitan	Siayan
aabang ng pasahero	mamuste	mangatang
bababa	makawas/ ipakawas	manaug/ ipanaug
maipit	mapiit	mahuut

Ang gamit ng *mag + s.u.*

Filipino	Dapitan	Siayan
dahan – dahan	maghinay – hinay	mag – inanay
tatabi	magpadaplin	mamidpid
susuklian	magpasukli	magpakambyu

Pinatunayan ng pag – aaral nina Catacataca at Espiritu (2005) na mahalaga nag paglalarawan ng varayti ng wika dahil patuloy na dokumentasyon ito sa mga datos ukol sa mga nabubuong varayti sa mga pasulat na aklat. Ang pagsasalin, panghihiram at pag – iimbento o paglikha ng mga salita ay nakapaloob sa proseso ng intelektuwalisasyon.

IV. Konklusyon

Tulad sa ibang grupo ng tagapagsalita, ang mga habal – habal drayber ay mayaman sa mga wikang de gulong at naging matatag ang istruktura ng pagbuo ng mga salita at kahulugan nito bilang varyasyong leksikal tungo sa kanilang buhay at pamumuhay. Naipapasa ng mga matatandang katutubo ang mga katawagan na nasa iba – ibang klasipikasyon tungo sa pagpapayaman at pagpapaigting na nakaangkla sa misyon ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) at alinsunod rin sa Seksiyon 9, Artikulo XIV ng Konstitusyon ng 1987. Ang kaligtasan at preserbasyon ng wika ay nakasalalay sa dami ng gumagamit ng wika at sa pagpaparami ng mga dokumentasyon ng wikang katutubo na kagaya ng kasalukyang pag – aaral na may malaking ambag sa leksikograpiyang Wikang Cebuano tungo sa Panlingwistikang Pag – aaral.

MGA SANGGUNIAN

- [1] Bernales, R. et al. 2013. *Komunikasyon sa Makabagong Panahon*. Malabon City: Mutya Publishing House, Inc.
- [2] Almario, Virgilio S.1993. *Filipino ng mga Filipino*. Manila: Anvil Publishing, Inc.
- [3] Bureros, Narcisa S. et.al. 2019. *Sangandiwa: Dalumat sa Filipino*. Mutya Publishing House.
- [4] Banawa, Mary Joy D. et. al., 2018. *Wika at Kultura sa Mapayapang Lipunan*. Mutya Publishing House Incorporated.
- [5] Castro, Imelda P. et.al., 2003. *Pagbasa at Pagsulat sa Iba’t ibang Disiplina*. Valenzuela City. Mutya Publishing House.
- [6] Catacataca, P.D. at Espiritu, C.C. 2005. *Wikang Filipino: Kasaysayan at Pag – unlad Unang Edisyon*. Quezon City: Rex Bookstore, Inc.
- [7] Gonzales, Andrew 1997. *Aspektong Istruktural Ng Intelektuwalisasyon ng Wika: Ang Kaso ng Filipino*, Malay XIV
- [8] Jakobson, R. 1962. *Selected writings 1: phonological studies*. The Hague: Mouton.
- [9] Komisyon sa Wikang Filipino. 2016. *Pambansang Kongreso sa Pagpaplanong Pangwika, Pandiwa: Lathalaan para sa Wika at Kultura*

- [10] Komisyon sa Wikang Filipino. 2015. KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat. Manila: Komisyon sa Wikang Filipino
- [11] Lavob, William 1972. Language in the Inner City. Philadelphia: University of Philadelphia Press.
- [12] Lachica, Veneranda S. 2000. Komunikasyon at Linggwistika. 24 K Printing Co. Press Inc. Valenzuela, Metro Manila
- [13] Malicsi, J. 2008. Adyenda ng pananaliksik sa estruktura ng wika. Nasa Adyenda sa saliksik wika. Quezon Vity: SWF-UP Diliman.
- [14] Mangahas, Rogelio G. et. al., 2015. Patnubay sa Korespondensiya Opisyal, Ikaapat na Edisyon, ikatlong limbag, Komisyon sa Wikang Filipino, Manila
- [15] Mangahis, Josefina C. et. al. (2005). Ang Mahalagang papel ng Wika sa Pakikipagtalastasan, Wika at Balarila, TEAM LAYA.
- [16] Pineda, ponciano B.P. 2000. Ang Wikang Filipino sa Information Age.
- [17] Santiago, Alfonso O. 2003. Panimulang Linggwistika sa Filipino. Rex Printing Pres Inc. Quezon City
- [18] Santos, Angelina et. al. (2016). Varayti at Varyasyon ng Wikang Filipino at iba pang mga wika at Wikain